| MATATAG<br>K to 10 Curriculum<br>Weekly Lesson Log | School: | | Grade Level: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Name of Teacher | | Learning Area: | Language |
| | Teaching Dates and Time: | JULY 21 - 25, 2025 (WEEK 6) | Quarter: | First |


| | DAY 1 | DAY 2 | DAY 3 | DAY 4 |
|---|---|---|---|---|
| **I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES** | | | | |
| *A. Content Standards* | The learners demonstrate developmentally appropriate language for interacting with others in the classroom, and expressing meanings about familiar topics; they engage with and enjoy listening to a range of texts; and recognize familiar images, icons, and symbols in their environment | | | |
| *B. Performance Standards* | The learners use their developing vocabulary to talk about themselves, their families, and other everyday topics; they follow the teacher's instructions and answer questions. They listen to and respond to stories and identify images, icons, and symbols from the environment and familiar texts. | | | |
| *C. Learning Competencies* | **LANG1CT-I-3**<br>Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>a. Note and describe main points (e.g. main characters and events)<br>e. Relate ideas or events to one's experiences<br><br>**LANG1LIO-I-4**<br>Interact purposely and participate in conversations and discussions in pairs, in groups, or in whole-class discussions.<br>c. Communicate needs | **LANG1LDEI-I-2**<br>Use words to represent ideas and events related to oneself and family.<br>b. words that represent activities and situations (action words)<br><br>**LANG1LIO-I-5**<br>Share confidently thoughts, preferences, needs, feelings, and ideas with peers, teachers, and other adults<br><br>**LANG1CT-I-3**<br>Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>c. Infer the character's feelings and traits | **LANG1IT-I-1**<br>View and listen to a range of texts for enjoyment and interest.<br><br>**LANG1LDEI-I-3**<br>Use language to express connections between ideas.<br>c. Use time words to relate ideas<br><br>**LANG1CT-I-3**<br>Draw and discuss information or ideas from a range of text (e.g., stories, images, digital texts).<br>a. Note and describe main points (e.g., main characters and events) | **LANG1IT-I-3** Engage with or respond to a short spoken texts.<br>c. Discuss what is interesting or entertaining in a text<br>d. Express personal preferences<br><br>**LANG1CT-I-2**<br>Use own words in retelling information from various texts (e.g., legends, fables, and jokes). |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | b. Sequence up to three (3) key events. | |
| *D. Learning Objectives* | At the end of the lesson, the learners can:<br>a. describe the main characters in the story listened to;<br>b. relate with experiences the ideas in the story listened to; and<br>c. use relevant words in communicating needs. | At the end of the lesson, the learners can:<br>a. Identify action words used in the text listened to;<br>b. Infer feelings of characters in a text listened to; and<br>c. employ action words in expressing ideas. | At the end of the lesson, the learners can:<br>a. identify words relating to time used in the story listened to;<br>b. arrange three key events from the story listened to; and<br>c. Use words relating to time in expressing ideas. | At the end of the lesson, the learners can:<br>a. share entertaining/interesti n g aspects of the story listened to;<br>b. explain personal preferences for spoken texts; and<br>c. retell the story listened to. |
| **II. CONTENT** | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | |
| *A. References* | | Pambata TV. ( 2016, August 4). *Maliliit Na Gagamba \| Kantang Pambata Tagalog \| Incy Wincy Spider in Filipino.* [Video]. Youtube.<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=FFvxiGIBaT4 | | |
| *B. Other Learning Resources* | | | | |
| **IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES** | | | | |
| **Before/Pre-Lesson Proper** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Activating Prior Knowledge* | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they understand better.<br><br>**SAY:** | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they understand better.<br><br>***SAY:***<br>*Magandang buhay, mga bata!* | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they understand better.<br><br>***SAY:***<br>*Magandang buhay, mga* | Note: When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they understand better.<br><br>***SAY:***<br>*Magandang buhay, mga bata!* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Magandang buhay, mga bata! Kumusta kayo?*<br><br>*Noong nakaraang linggo ay natutuhan ninyong mas kilalanin ang tauhan sa kuwentong napakinggan sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin sa mga mahahalagang detalyeng naglarawan sa kaniya.*<br><br>*Ngayong araw, muli nanaman tayong magkukuwentuhan.*<br><br>***ASK:***<br><br>*Paano kayo magpahayag ng inyong mga nararamdaman at pangangailangan sa inyong mga kapatid o magulang?*<br><br>Call at least five learners and process their answers. Highlight how each learner varies in terms of communicating their needs to elders. | *Kumusta kayo?*<br><br>*Kahapon ay natutuhan natin kung paano magpahayag ng ating mga nararamdaman at pangangailangan.*<br><br>*Maaari bang magbahagi muli ng ilan sa mga salitang ginagamit kung tayo ay magpapahayag ng pangangailangan?*<br><br>***ASK:***<br>*Ano ang nararamdaman mo ngayon?*<br>*Napakinggan na ba ninyo ang “Maliliit na Gagamba”?*<br><br>Play the “Maliliit na Gagamba.” The link is provided in the references. Ask the learners to sing along with you. In the absence of a speaker, sing it.<br><br>**SAY:**<br>*Halina’t awitin natin ang “Maliliit na Gagamba”. Tumayo ang lahat at sundan ninyo ako.*<br><br>Incorporate actions/movements relevant to the lyrics of the song.<br><br>***ASK:***<br>*1. Ano ang ginawa ng malilit* | *bata! Kumusta kayo?*<br><br>*Kahapon ay natutuhan natin ang mga salitang tumutukoy sa kilos o galaw. Nakilala rin natin nang lubusan si Rosa, ang ating bida o pangunahing tauhan sa kuwentong ating napakinggan sa pamamagitan ng pagtukoy ng kaniyang damdamin.*<br><br>*Gawin natin ang ilan sa mga salitang tumutukoy sa kilos.*<br><br>pumadyak<br>tumalon<br>pumalakpak<br>humalakhak<br>umupo<br><br>You may add more words to the list. You may also modify them based on the learners’ L1.<br><br>***SAY:***<br>*Mahuhusay! Ngayong araw ay may bago tayong matututuhan. Handa na ba kayo?* | *Kumusta kayo?*<br><br>*Kahapon ay nakilala natin si Maya at nasaksihan ang kaniyang pagbabago bilang isang bata. Natuto rin tayong gumamit ng mga salitang tumutukoy sa oras o panahon.*<br><br>***ASK:***<br>*1. Ano ang ating ginawa kagabi bago matulog?*<br><br>***SAY:***<br>Gamitin natin ang salitang “kagabi” sa pagbabahagi.<br><br>*2. Ano ang ating kinaing agahan kanina?*<br><br>***SAY:***<br>Gamitin natin ang salitang “kanina” sa pagbabahagi.<br><br>*Mahuhusay! Ngayong araw, mas kilalanin natin ang isa’t isa. Nais kong malaman kung ano ang mga hilig ninyong panoorin o basahin.*<br><br>Show posters of the movie/book genres below. Ready the thumbs up and |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *na gagamba sa unang bahagi ng awitin?* | ***ASK:***<br>*Alam ba ninyo ang mga* | thumbs down icons as well. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 2. *Ano ang ginawa ng ulan sa maliliit na gagamba?*<br>3. *Ano kaya ang naramdaman ng maliliit na gagamba nang sila ay itinaboy ng ulan?*<br>4. *Ano ang naging pakiramdam ng maliliit na gagamba nang natuyo ang sanga?*<br><br>Highlight the action words and the character's inferred feelings from the learners' responses. If there are equivalents for these words in the learners' L1, include them in the processing of answers. | *araw kung kailan tayo pumapasok sa paaralan?*<br><br>Elicit responses from the learners until all weekdays have been mentioned; otherwise, reveal the answers to the learners.<br><br>Prepare two sets of flashcards for the following words big enough for the class to see. The first set will be used for the oral activity; the second for the arranging activity.<br><br>Read the words to the learners twice and encourage them to repeat after you.<br><br>Biyernes<br>Huwebes<br>Lunes<br>Martes<br>Miyerkoles<br><br>***SAY:***<br>*Mahuhusay! Ilan lamang ang mga ito sa mga salitang tumutukoy sa panahon. Mahalagang alam natin hindi lamang* | Provide both to learners for the activity.<br><br>Mga poster:<br>**Horror/katatakutan**<br><br>**comedy at drama/katatawanan**<br><br>**magical/misteryo**<br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *kung paano sabihin ang mga ito kundi pati na rin* | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | *ang kanilang kahulugan. Kaya naman tulungan ninyo akong ayusin ang mga araw na ating binaggit batay sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga ito.*<br><br>Bumuo ng dalawang grupong may limang miyembro.<br><br>***SAY:***<br>*Kailangan ko ng dalawang grupong may limang miyembro. Bibigyan ko kayo ng tig-isang salitang tumutukoy sa araw na binanggit natin kanina. Pagkatapos, tumayo kayo sa harapan at ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga araw mula kanan-pakaliwa kung kailan kayo pumapasok. Naintindihan ba, mga bata?*<br><br>Process the arrangement made by each group. If no group got the correct answer, ensure that the correct arrangement is discussed. | ***SAY:***<br>*Itaas ninyo ang icon na thumbs up kung hilig ninyong manood o magbasa ng:*<br>1. horror/ katatakutan<br>2. comedy/ katatawanan/ drama<br>3. magical/ misteryo<br><br>*at thumbs down naman kung hindi.*<br><br>Invite learners to share the reasons behind their responses to each of the genre posters displayed. Emphasize how their preferences differ and discuss the unique aspects that influenced their choices. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Lesson Purpose/Intention* | ***SAY:*** *Sa araw na ito ay muli nating pag-aaralan ang mga mahahalagang detalye tulad ng tauhan at pangyayari sa kuwentong pakikinggan. Mula sa kuwento, matututuhan din natin kung paano dapat tayo magpahayag ng ating mga nararamdaman at pangangailangan.* | ***SAY:*** *Sa araw na ito ang pag-aaralan natin ay ang mga salitang tumutukoy sa kilos o galaw. Mas makikila rin natin ang ating tauhan sa kuwentong napakinggan kahapon sa pamamagitan ng pagtukoy sa kaniyang damdamin.* | ***SAY:*** *Sa araw na ito, mga bata, muli tayong makikinig sa ating bagong kuwento. Mula sa kuwento, makikilala muli natin ang mga tauhan, malalaman din natin ang mga mahahalagang pangyayari, at maisasaayos ang mga ito. Matututuhan natin ang mga salitang tumutukoy sa oras o panahon na ginamit sa kuwentong napakinggan.* | ***SAY:*** *Sa araw na ito ay matututuhan natin kung paano magbahagi ng ating nagustuhan sa kuwentong napakinggan. Matututuhan din nating isalaysay ang kuwentong ating napakinggan gamit ng sariling mga salita.* |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Lesson Language Practice* | Introduce the following words using the learners' L1.<br><br>Say the following words three times and encourage learners to repeat after you.<br><br>maaari<br>puwede<br>pakiusap<br>paki<br><br>Modify/add more words that are representative of the target words (words used for communicating needs) present in the learner's L1. | Introduce the following words using the learners' L1.<br><br>Say the following words three times and encourage learners to repeat after you.<br><br>magtanong<br>Ilipat/inilipat<br>humingi<br>binigyan<br>magpahayag<br><br>Modify/add more words that are representative of the target words (action words) found in the learner's L1. | ***SAY:***<br>*Bukod sa mga salitang ating binaggit kanina, mayroon pang ibang mga salitang tumutukoy sa panahon.*<br><br>Introduce the following words using the learners' L1.<br><br>Say the following words three times and encourage learners to repeat after you.<br><br>mamaya<br>kanina<br>kahapon<br>bukas<br>kagabi<br><br>Modify/add more words that are representative of the target words (time words) found in the learner's L1. | ***SAY:***<br>*Ang pagbabahagi ng nagustuhan sa isa kuwentong napakinggan ay hindi lamang tungkol sa pagsasabi ng "opo, nagustuhan ko" o "hindi ko po nagustuhan."*<br><br>Explain that the key elements of the story, such as "characters" and "events" (i.e., beginning, middle, and ending) can serve as the focal points of their discussion about what they find interesting or entertaining in the story they listened to.<br><br>***SAY:***<br><br>*Subukan natin ang mga sumusunod na grupo ng mga salita:*<br><br>Say the following phrases three times and encourage learners to repeat after you. |
| | | | | "Nagustuhan ko ang tauhang si...dahil..."<br><br>"Nagustuhan ko ang pangyayaring...dahil..." |

| **During/Lesson Proper** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Reading the Key Idea/Stem* | Narrate the story twice using the learners' L1.<br><br>While narrating the story, show pictures depicting significant events.<br><br><br> | ***SAY:***<br>*Balikan natin ang kuwentong ating napakinggan kahapon.*<br><br>Read the story lines to the learners. Ask them to repeat after you.<br><br>1. "Nay, puwede po bang **magtanong?**"<br>2. "Maaari po ba ninyo akong **ilipat** sa lugar na may sikat ng araw?"<br>3. Agad siyang **inilipat** ni Rosing ng puwesto.<br>4. Hindi nagdalawang-isip si Rosa na **humingi** ng tubig.<br>5. Agad siyang **binigyan** ng tubig ng kaniyang nanay.<br>6. Natutuhan ni Rosang **magpahayag** ng kaniyang nararamdaman. | Narrate the story twice using the learners' L1.<br><br>While narrating the story, show pictures depicting significant events.<br> | Read again to the learners the story titled "Ang mga Mamamaya ni Maya."<br><br>While narrating the story, show pictures depicting significant events. Use the ones shown on the previous day.<br><br>**Ang mga Mamaya ni Maya**<br>ni Giovanni C. Duran<br>Sa Baryo Masipag, kilala si Maya bilang isang batang mahilig sa salitang "mamaya." Kahapon, hindi niya ginawa ang kaniyang takdang-aralin. Kanina nama'y hindi rin niya inayos ang kaniyang kuwarto pagkagising.<br><br>"Kumusta ang iyong paghahanda sa iyong |











**Ang mga Mamaya ni Maya**

ni Giovanni C. Duran


Sa Baryo Masipag, kilala si Maya bilang isang batang mahilig sa salitang "mamaya." Kahapon, hindi niya ginawa ang kaniyang takdang-aralin. Kanina nama'y hindi rin niya inayos ang kaniyang kuwarto

pagsusulit bukas, Maya?" tanong ng kaniyang ina.

"Magbabalik-aral po ako mamaya, 'nay," sagot ni Maya habang naglalaro ng manika.

Kinagabihan, napanaginipan ni Maya ang Diwata ng Oras. "Maya, ang 'mamaya' ay hindi laging darating. Pahalagahan mo ang oras," sabi ng diwata.

Malinaw sa memorya ni Maya ang kaniyang panaginip kagabi. Kaya pagkagising, agad siyang nag-ayos ng kuwarto at nagbalik-aral. Kinabukasan, handa siya sa pagsusulit at nakuha ang pinakamataas na marka.



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Si Rosa**<br>ni Giovanni C. Duran<br><br>Sa isang makulay na hardin, may isang batang rosas na wala pang bulaklak habang | | pagkagising. | Mula noon, natutuhan ni Maya na huwag ipagpaliban ang mga bagay na maaaring gawin ngayon. Pinahahalagahan na niya ang oras at hindi na umaasa sa “mamaya.” |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ang kaniyang mga kapatid ay namumukadkad na.<br><br>“Nay, puwede po bang magtanong? Bakit wala pa akong bulaklak? tanong ni Rosa kay Rosing, ang kaniyang nanay.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Sino-sino ang mga tauhan sa unang bahagi ng kuwentong napakinggan?<br>2. Ano ang kaibahan ni Rosa sa kaniyang mga kapatid?<br><br>“Anak, mahalaga ang sikat ng araw para sa ating paglaki at pamumukadkad,” sagot ni Rosing.<br><br>“Maaari po ba ninyo akong ilipat sa lugar na may sikat ng araw?” nahihiyang tanong ni Rosa. Agad siyang inilipat ni Rosing sa puwestong mas | | **Mga gabay na tanong:**<br>1. Sino ang tauhang ipinakilala sa unang bahagi ng kuwento?<br>2. Paano inilarawan si Maya?<br><br>“Kumusta ang iyong paghahanda sa iyong pagsusulit bukas, Maya?” tanong ng kaniyang ina.<br><br>“Magbabalik-aral po ako mamaya, ‘nay,” sagot ni Maya habang naglalaro ng manika.<br><br>**Mga gabay na tanong:**<br>3. Anong mahalagang gawain ang mayroon si Maya bukas?<br>4. Ano ang ginawa ni Maya sa mahalagang gawaing nabanggit?<br><br>Kinagabihan, napanaginipan ni Maya ang Diwata ng Oras. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | naarawan. | | “Maya, ang ‘mamaya’ ay hindi laging darating. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Nang sumunod na araw, napansin ni Rosa na siya ay nalalanta. Hindi nagdalawang-isip si Rosa na humingi ng tubig.<br><br>“Nay, pakibigyan naman po ako ng tubig.” Agad siyang binigyan ng tubig ng kaniyang nanay kaya siya ay naging masigla.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>3. Ano ang paliwanag ni Rosing kay Rosa kung bakit wala pa siyang bulaklak?<br>4. Ano-anong mga pangangailangan ang hiningi ni Rosa sa kaniyang nanay?<br>5. May kaibahan ba sa paraan ng kaniyang paghingi noong unang beses kumpara sa pangalawa? Ipaliwanag sa klase. | | Pahalagahan mo ang oras,” sabi ng diwata.<br><br>Malinaw sa memorya ni Maya ang kaniyang panaginip kagabi. Kaya pagkagising, agad siyang nag-ayos ng kuwarto at nagbalik-aral. Kinabukasan, handa siya sa pagsusulit at nakuha ang pinakamataas na marka.<br><br>Mula noon, natutuhan ni Maya na huwag ipagpaliban ang mga bagay na maaaring gawin ngayon. Pinahahalagahan na niya ang oras at hindi na umaasa sa “mamaya.”<br><br>**Mga gabay na tanong:**<br>5. Tungkol saan ang panaginip ni Maya?<br>6. Ano ang natutuhan ni Maya mula sa panaginip?<br>7. May mga pagkakataon | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | bang nagiging katulad ka | |
| | Natutuhan ni Rosa na mahalaga ang magpahayag ng kaniyang nararamdaman at pangangailangan. Hindi nagtagal, si Rosa ay lumago at namulaklak at naging simbolo ng ganda sa kanilang hardin.<br><br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>6. Ano ang natutuhan ni Rosa sa ikahuling bahagi ng kuwento?<br>7. Anong nangyari kay Rosa sa pagtatapos ng kuwentong napakinggan? | | rin ni Maya? Ibahagi sa klase. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Developing Understanding of the Key Idea/Stem* | ***SAY:***<br>*Batay sa ating kuwentong napakinggan, natutuhan ni Rosa na mahalaga ang magpahayag ng nararamdaman at pangangailangan. Gumamit si Rosa hindi lamang ng magagalang na pananalita kundi ng tiyak na mga salita.*<br><br>***ASK:***<br>*Paano ulit nagtanong sa kaniyang nanay si Rosa?*<br><br>Inaasahang sagot:<br>Gumamit siya ng salitang "puwede". | ***SAY:***<br>*Mas kilalanin natin si Rosa sa pamamagitan ng pagtukoy ng kaniyang damdamin mula sa mga linya sa kuwentong napakinggan.*<br><br>1. "Nay, puwede po bang **magtanong?**"<br><br>***ASK:***<br>a. *Ano ang nais gawin ni Rosa? Bakit kaya niya ito nais gawin?*<br>b. *Ano kaya ang pakiramdam ni Rosa na siya ay naiiba sa kaniyang mga kapatid?* | ***SAY:***<br>*Batay sa ating kuwentong napakinggan, si Maya ay natutong magpahalaga ng oras. Ang dating Maya na puro "mamaya," naging isang batang gumagawa na ng kaniyang gawain sa takdang oras.*<br><br>***ASK:***<br>*Napansin ba ninyong ang kuwentong ating napakinggan ay gumamit ng mga salitang tumutukoy sa panahon o oras?*<br>*Ano-ano ang mga salitang tumutukoy sa panahon o* | ***ASK:***<br>1. *Ano ang naramdaman mo nang muling mapakinggan ang kuwento?*<br>2. *Nagustuhan mo ba ang kuwento?*<br>3. *Anong aspekto ng kuwento ang iyong nagustuhan? Bakit mo ito nagustuhan?*<br><br>Call on at least five learners to answer each question. Process their answers by discussing them as a class. To help illustrate the diversity of perspectives and |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | "Puwede po bang magtanong?"<br><br>***ASK:***<br>*Ano ulit ang hiling ni Rosa nang malaman niyang mahalaga ang sikat ng araw para siya ay mamulaklak?*<br><br>Inaasahang sagot:<br>Gumamit si Rosa ng salitang "maaari".<br>"Maaari po ba ninyo akong ilipat sa lugar na may sikat ng araw?<br><br>***ASK:***<br>*Paano nanghingi si Rosa nang mapansin niyang siya ay nalalanta?*<br><br>Inaasahang sagot:<br>Gumamit si Rosa ng salitang "paki".<br>"Nay, pakibigyan naman po ako ng tubig."<br><br>***SAY:***<br>*Mapapansin natin na gumamit si Rosa ng mga tiyak na salita tulad ng "puwede," "maaari," at "paki". Bukod dito maaari rin tayong gumamit ng salitang "pakiusap."* | 2. "Maaari po ba ninyo akong **ilipat** sa lugar na may sikat ng araw?" Agad siyang **inilipat** ni Rosing ng puwesto.<br><br>***ASK:***<br>*a. Ano ang gustong mangyari ni Rosa? Paano tumugon ang kaniyang nanay sa nais niyang mangyari?*<br>*b. Ano kaya ang naramdaman ni Rosa nang ilipat siya ng kaniyang nanay sa puwestong mas naaarawan?*<br><br>3. Hindi nagdalawang-isip si Rosa na **humingi** ng tubig. Agad siyang **binigyan** ng tubig ng kaniyang nanay.<br><br>***ASK:***<br>*a. Batay sa kuwento, ano ang ginawa ni Rosa? Ano naman ang tugon ng kaniyang nanay sa kaniyang ginawa?*<br>*b. Ano kaya ang naging pakiramdam ni Rosa nang siya ay bigyan ng tubig ng kaniyang nanay?*<br><br>4. Natutuhan ni Rosang **magpahayag** ng kaniyang nararamdaman. | *oras na nagamit sa kuwento?*<br><br>***SAY:***<br>*Narito ang mga linya sa kuwentong may mga salitang tumutukoy sa oras.*<br><br>Read the story lines twice and encourage the learners to repeat after you.<br><br>**Mga linya sa kuwento:**<br>1. **Kahapon**, hindi niya ginawa ang kaniyang takdang-aralin.<br>2. **Kanina** nama'y hindi rin niya inayos ang kaniyang kuwarto pagkagising.<br>3. "Kumusta ang iyong paghahanda sa iyong pagsusulit **bukas**, Maya?"<br>4. "Magbabalik-aral po ako **mamaya**, 'nay."<br>5. Malinaw sa memorya ni Maya ang kaniyang panaginip **kagabi**.<br><br>***ASK:***<br>*Bukod sa mga salitang nabanggit, mayroon pabang mga salitang tumutukoy sa panahon o oras na nagamit* | preferences among the learners, highlight how each of their responses may vary in terms of what they find interesting or entertaining in the story they listened to. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***ASK:*** | ***ASK:***<br>*Ano ang natutuhang gawin ni* | | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Tulad ni Rosa, mayroon ba kayong mga karanasan na nagpahayag kayo ng inyong nararamdaman o pangangailangan? Nagamit ninyo rin ba ang mga tiyak na salitang ginamit ni Rosa sa kuwentong napakinggan?*<br><br>Ask learners to share their experiences as regards expressing or communicating needs. Call at least five learners and process their answers. | *Rosa?*<br><br>Highlight the action words used in the storylines.<br><br>***SAY:***<br>*Ang binasa ko sa inyong mga linya ng kuwento ay naglalaman ng mga salitang tumutukoy sa ating kilos. Balikan nga muli natin.*<br><br>***ASK:***<br>*Ano-ano ang mga salitang tumutukoy sa kilos ang nabanggit sa mga linya mula sa kuwentong ating napakinggan kahapon?*<br><br>***SAY:***<br>*Mahuhusay! Bukod sa natukoy natin ang mga salitang tumutukoy sa kilos, mas nakilala rin natin si Rosa sa pamamagitan ng pagtukoy sa kaniyang damdamin sa bawat linyang ating tinalakay mula sa kuwento.*<br>*Tandaan na hindi natin hinuhulaan ang damdamin ng tauhan, gaya ng inyong ginawa, ibinatay natin ang damdamin ni Rosa sa mga detalye, kilos ng tauhan, at impormasyong mula mismo sa kuwento.* | *sa kuwentong ngunit hindi pa natin nabanggit?*<br><br>**Inaasahang sagot:**<br>kinabukasan, noon, ngayon<br><br>***SAY:***<br>*Mahuhusay! Ang lahat ng ito ay mga salitang tumutukoy sa panahon o oras. May kani-kaniyang gamit ang mga ito.*<br><br>*Ang mga salitang kahapon, kagabi, kanina, at noon ay nangyari o tapos na. Ang ngayon ay nangyayari sa kasalukuyan, at ang mamaya, bukas, at kinabukasan ay para sa mangyayari pa lamang o hindi pa tapos na mga gawain o pangyayari. Mahalagang alam natin kung kailan dapat gamitin ang mga ito.* | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Deepening Understanding of the Key Idea/Stem* | ***SAY:***<br>*Ngayong nagawa ni Rosa na magpahayag ng kaniyang pangangailangan, alam kong kaya rin ninyo. Kayo naman, mga bata. Nais kong gamitin ninyo ang mga salitang natutuhan ngayong araw.*<br><br>Group the learners in this activity. Assign groups to the identified word to be used in the following scenarios:<br><br>Unang Grupo: Puwede<br>Sitwasyon:<br>Nais ninyong matikman ang ulam na adobo ngunit nasa malayong parte ito ng mesa mula sa inyong upuan.<br><br>Ikalawang Grupo: Pakiusap<br>Sitwasyon:<br>Hindi ninyo abot ang nangangating parte ng inyong likod.<br><br>Ikatlong Grupo: Maaari<br>Sitwasyon:<br>Nagugutom na kayo at kailangan ninyo nang kumain.<br><br>Ikaapat na Grupo: Paki<br>Sitwasyon:<br>Hindi ninyo mabalatan ang hilaw na manggang nais | ***ASK:***<br>*Bukod sa mga nabanggit nating mga salitang tumutukoy sa ating kilos o galaw, maaari ba kayong magbigay ng iba pang mga salita?*<br><br>Call at least 10 learners to provide samples of action words. If possible, enact with the learners the sample words given.<br><br>***SAY:***<br>*Mahuhusay! Ngayong mas malalim na ang inyong kaalaman tungkol sa mga salitang tumutukoy sa kilos o galaw, subukan natin itong susunod na gawain.*<br><br>Show the picture of Rosa after she has blossomed into a beautiful flower. Use the same picture that was shown on Day 1.<br><br>*SAY:*<br>*Kahapon ay nakita natin ang larawang ito na nagpapakita ng pagbabago sa anyo ni Rosa – mula sa isang rosas na wala pang bulaklak hanggang sa siya ay namukadkad at naging* | Present the pictures used in the listening text again. Ask the learners to arrange the pictures based on the order of events in the story they listened to. Make sure the pictures are not in the correct sequence when displayed. Allow the learners to narrate their work, using and highlighting the time words they learned.<br><br>______Si Maya ay kinumusta ng kaniyang ina tungkol sa kaniyang pagsusulit bukas habang siya ay naglalaro ng manika *(use picture 2 shown in the story listening activity)*<br><br>______Nagpakita si Diwata ng Oras sa panaginip ni Maya *(use picture 3 shown in the story listening activity)*<br><br>______Si Maya ay nakakuha ng pinakamataas na marka sa pagsusulit *(use picture 4 shown in the story listening activity)* | Provide learners with the Thumbs Up and Thumbs Down icons used in the previous activity.<br><br>Show the pictures of the characters and the three key events in the story.<br><br>***SAY:***<br>*Itaas ang thumbs down kung nagustuhan ang tauhang si Maya at thumbs down naman kung hindi.*<br><br>Choose at least two learners to share what they liked about the character of Maya. Also, ask learners who gave a thumbs down to share their thoughts. Repeat this process for each of the three characters in the story until all characters have been discussed.<br><br>Si Maya<br><br>Ang ina ni Maya |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ninyong kainin. | *simbolo ng ganda sa hardin.* | | |
| | | ***ASK:***<br>*1. Ano ang nangyayari sa larawan?*<br>*2. Ano kaya ang naramdaman ni Rosa nang siya ay namukadkad at namulaklak?*<br><br>**SAY:**<br>*Sa pagsagot ng mga tanong, siguraduhing gumamit ng mga salitang tumutukoy sa kilos o gawa. Maging tiyak din sa pagtukoy ng damdamin ni Rosa. Gamitin ang mga detalye at impormasyong napakinggan mula sa kuwento.* | |  |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Ang Diwata<br><br>***SAY:***<br>*Ngayon naman, pagtuunan natin ng pansin ang mga pangyayari.*<br><br>*Itaas ang thumbs down kung nagustuhan ang unang pangyayari at thumbs down naman kung hindi.*<br><br>Choose at least two learners to share what they liked about the key event shown. Also, ask learners who gave a thumbs down to share their thoughts. Repeat this process for each of the key events in the story until |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | all events have been discussed.<br><br>Show the pictures of the three key events in the story they listened to, using the same ones shown during the evaluation on the previous day.<br><br>_______Si Maya ay kinumusta ng kaniyang ina tungkol sa kaniyang pagsusulit bukas habang siya ay naglalaro ng manika<br><br><br>_______Nagpakita si Diwata ng Oras sa panaginip ni Maya<br><br><br>_______Si Maya ay nakakuha ng pinakamataas na marka<br>sa pagsusulit |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | |  |
| **After/Post-Lesson Proper** | | | | |
| *Making Generalizations and Abstractions* | ***ASK:***<br>*1. Ano-anong mga tiyak na salita ang maaari nating gamitin upang magpahayag ng pangangailangan?*<br>*2. Bakit mahalagang gumamit ng mga tiyak na salita kung tayo ay magpapahayag ng ating pangangailangan?* | ***ASK:***<br>*1. Paano natin matutukoy ang damdamin ng tauhan sa kuwento?*<br>*2. Paano mo malalaman kung ang iyong ate o kuya ay masama ang pakiramdam?* | ***ASK:***<br>*1. Ano ang kahalagahan ng paggamit ng tiyak na mga salitang tumutukoy sa oras sa pagpapahayag ng ating mga ideya?*<br>*2. Kung kayo ay tinanong ng inyo ate, kuya, o magulang kung ano-ano ang mga nangyari sa buong araw ninyo sa paaralan, paano ninyo ito ikukuwento?* | ***ASK:***<br>*1. Mga mga panahon bang nakapagsabi kayo ng "mamaya"? Paano ninyo maisasabuhay ang natutuhan mula sa kuwento ni Maya?*<br>*2. Bakit mahalagang irespeto ang kaibahan sa pananaw, kagustuhan, o hilig ng iyong kamag-aral?* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Evaluating Learning* | ***SAY:***<br>*Kailangan mo ng tulong sa iyong takdang-aralin.*<br><br>***ASK:***<br>*Ano ang iyong sasabihin sa iyong ate, kuya, o magulang para ikaw ay tulungan nila? Paano mo ito sasabihin?*<br><br>***SAY:***<br>*Pumili ng dalawang salita mula sa mga salitang natutuhan ngayong araw. Gamitin ang* | Display pictures depicting common family activities. Encourage the learners to share their thoughts about the images by describing what they see using action words and inferring the emotions of the people in the pictures. | Ask the learners to share at least three activities they do with their family to spend an entire weekend. In their responses, instruct them to use time-related words to describe when they do each activity. | Ask the learners to retell the story of Maya using the modified Five Finger Retell method to guide them. Show the picture of the Five Finger Retell for reference: |
| | *mga ito sa pagbuo ng inyong sasabihin.* | <br><br> | |  |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Additional Activities for Application or Remediation (if applicable)* | **Gawain sa Bahay**<br>Pakinggan ang awiting pambata na pinamagatang "Maliliit na Gagamba." Maging handa sa pag-awit nito sa susunod na klase. | **Gawain sa Bahay**<br>Magtala ng limang mga ginawa sa bahay pagkatapos umuwi mula sa klase. Siguraduhing gumamit ng mga salitang tumutukoy sa kilos o galaw sa pagtatala. | **Gawain sa Bahay**<br>Itala ang mga ginawa sa bahay bago matulog. Tandaan din ang agahang kinain. Sa pagtatala, gamitin ang mga natutuhang mga salitang tumutukoy sa panahon o oras. | |
| *Remarks* | | | | |
| *Reflection* | | | | |

**CREDIT TO THE AUTHOR OF THIS FILE**